



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Marso 1, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.749.4900

Pinagmumulta ng Air District ang Tesla para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

Magbabayad ang kumpanya ng multang \$139,500 at magkakabit ng solar na bubong bilang proyekto

SAN FRANCISCO – Ngayong araw, inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na pumayag ang Tesla, Inc., na magbayad ng multang \$139,500, at magkakabit ng solar power system sa bubong sa isang Boys and Girls Club, para ayusin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa plantang paggawaan nito sa Fremont.

Kabilang sa pag-aayos ang sunud-sunod na mga paglabag mula 2013 hanggang 2016 na kinasangkutan ng mga pumapalyang burner sa maraming piraso ng kagamitan. Ang mga pumapalyang burner ay naglabas ng maraming nitrogen oxides, isang nagpaparumi sa hangin na sumasama sa iba pang nagpaparumi ng hangin at mainit na temperatura para magdulot ng smog. Ang maraming inilalabas ay lumampas sa mga limitasyon ng pahintulot sa hangin ng Tesla.

“Bagaman bumuo ang Tesla ng mga de-kuryenteng sasakyan at mga may kaugnayang teknolohiya na kailangan ng California para matugunan ang pagbabago ng klima sa mundo, dapat pa ring sumunod ang kumpanya sa lahat ng kondisyon ng kanilang pahintulot,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin (Air District). “Gumaganda ang kalidad ng hangin kapag sumusunod ang mga industriya sa kanilang mga limitasyon sa ilalabas at ginagawa ng publiko ang kanilang tungkulin para bawasan ang pag-asa sa mga gatong na mula sa mga labi ng hayop at halaman.”

Bilang karagdagan sa pagbabayad ng multa, hinihiling ng pag-aayos na magkabit ang Tesla ng 9-kilowatt photovoltaic na solar power system sa bubong sa Boys and Girls Club ng Silicon Valley sa San Jose. Pahihintulutan ng sistema ang Boys and Girls Club na gumawa ng sarili nitong malinas na kuryente sa halip na kailanganing bumili ng kuryente mula sa grid. Sa mahigit 30 taon, ang karaniwang kabuuang pagbawas sa mga inilalabas na greenhouse gas para sa ganitong uri ng sistema ay ang katumbas ng hindi pagsunod sa 166,000 libra ng uling.

Binuo ang napagkasunduang pag-aayos bilang pagbabayad agad ng multang \$139,500, kasama ang karagdagang \$46,500 kung saan makakakuha ng credit ang Tesla sa pamamagitan ng pagpapatupad ng proyektong solar na bubong. Para sa bawat \$2 na gagastusin ng Tesla sa proyektong solar na bubong, makakakuha ito ng \$1 credit para sa \$46,500. Kung ipagpapalagay na lalampas sa \$93,000 ang kabuuang halaga ng proyekto kapag nagawa na ito nang buo pagkatapos ng 8 buwan, hindi magbabayad ang Tesla ng anumang karagdagang multa sa ilalim ng kasunduan.

Naiwasto na ang lahat ng paglabag at sumusunod na ang Tesla. Gagamitin ng Air District ang lahat ng pondo mula sa multa para sa mga programa nito para pagandahin ang kalidad ng hangin sa Bay Area.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)